Matatapos pa ba ang pagdurusa?



Sasabihin mo bang . . .

- oo?
- hindi?
- siguro?

ANG SABI NG BIBLIYA

"Papahirin [ng Diyos] ang kanilang mga luha. Wala nang kamatayan, dalamhati, pag-iyak, at sakit."–Pahayag (o, Apocalipsis) 21:4, *Magandang Balita Biblia*.



ANO ANG MAITUTULONG NITO SA IYO?

- Makakatiyak kang hindi ang Diyos ang nagbibigay sa atin ng problema. –Santiago 1:13.
- Maaaliw kang malaman na nasasaktan din ang Diyos kapag nagdurusa tayo.–Zacarias 2:8.
- Makaaasa kang *matatapos* din ang lahat ng pagdurusa.–Awit 37:9-11.

MAPANINIWALAAN BA NATIN ANG SINASABI NG BIBLIYA?

Oo, sa dalawang dahilan:

- ***Nasusuklam ang Diyos sa kalupitan at pagdurusa.*** Pansinin ang nadama ng Diyos na Jehova nang pagmalupitan ang bayan niya noong panahon ng Bibliya. Sinasabi ng Bibliya na nasaktan siya dahil sa "pagmamalupit sa kanila."—Hukom 2:18, *Bagong Sanlibutang Salin.*

  Galit na galit ang Diyos sa mga nananakit ng kanilang kapuwa. Halimbawa, sinasabi ng Bibliya na kinasusuklaman niya ang "mga pumapatay sa walang kasalanan."—Kawikaan 6:16, 17, *Magandang Balita Biblia.*

- ***Nagmamalasakit ang Diyos sa bawat isa sa atin.*** Gusto ni Jehova na ilapit natin sa kaniya ang lahat ng ating álalahanín 'dahil nagmamalasakit siya sa atin.'—1 Pedro 5:7.

  Sa pamamagitan ng kaniyang Kaharian, malapit nang tapusin ni Jehova ang pagdurusa ng bawat isa sa atin. (Mateo 6:9, 10) Sa ngayon, inaalalayan niya muna ang mga umaasa sa kaniya.—Gawa 17:27; 2 Corinto 1:3, 4.

Kung wala kang Bibliya, mababasa mo ito online sa www.jw.org/tl
(Magpunta sa PUBLIKASYON > BIBLIYA)

PAG-ISIPAN ITO

Bakit hinahayaan ng Diyos na magdusa ang mga tao?

Sinasagot iyan ng Bibliya sa ROMA 5:12 at 2 PEDRO 3:9.



PARA SA LIBRENG DAGDAG NA KAALAMAN

Basahin ang aralin 8 ng brosyur na ito.

☐ Pakisuyong padalhan ako ng brosyur na ito.

Makipag-usap sa mga Saksi ni Jehova tungkol sa Bibliya.

☐ Gusto kong may dumalaw sa akin.

Puwedeng basahin o i-download ang brosyur o humiling ng pagdalaw sa www.jw.org/tl.

Wika .....

Pangalan .....

Adres .....

.....

.....

.....

IPADALA ANG IYONG REQUEST SA MGA SAKSI NI JEHOVA:

JAPAN: 4-7-1 Nakashinden, Ebina City, Kanagawa-Pref, 243-0496.

PHILIPPINES: PO Box 2044, 1060 Manila.

Para sa listahan ng mga adres sa buong daigdig, tingnan ang www.jw.org/tl/contact.

© 2013, 2019 Watch Tower Bible and Tract Society of Pennsylvania

Printed in Japan

JW.ORG®

I-scan ang code para mapanood ang video na *Bakit Magandang Mag-aral ng Bibliya?*

T-34-TG
190319